

# Alamin ang iyong mga karapatan tungkol sa mga pagpapalibing at kremasyon

Tagalog | Tagalog

Dapat magsagawa ng mga makatwirang hakbang ang mga nagpapatakbo ng mga sementeryo at krematoryo upang igalang ang mga kaugaliang pagkultura, pangrelihiyon at personal.

- **Ikaw ang magpapasya kung ano ang tama para sa iyo.** Ang serbisyo ng punerarya ay opsyonal — **hindi ito hinihingi ng batas.**
- **Hindi mo kailangang** gumamit ng karaniwang kabaong o ataol. Dapat igalang ang mga desisyon na personal, pangkultura o pangrelihiyon.
- **Ang karapatan sa paglilibing** (interment right) ay kinakailangan upang mailagay ng labi ng tao o mga abo sa isang sementeryo o krematoryo. **Hindi mo kailangan** ng iinterment right upang ikalat ang mga abo.
- **Ang ilang mga lupang paglilibingan** ay maaaring magamit para sa mahigit sa isang pagpapalibing, depende sa lugar. Makipag-usap sa namamahala ng sementeryo tungkol sa mga pangangailangan ng iyong pamilya.
- **Dapat malinaw na ipinaliwanag ang lahat ng mga gastos,** pati na ang mga bayad sa pagpapalibing, kremasyon o paglilibing ng abo.

## Ano ang CCNSW?

### Ang Cemeteries & Crematoria NSW (CCNSW)

ay isang ahensya ng Pamahalaan ng NSW.

Pinangangasiwaan namin ang mga sementeryo at mga krematoryo at tumutulong sa mga tao na maintindihan ang kanilang mga karapatan at opsyon sa panahon ng pagpapalibing o kremasyon.

Para sa karagdagang impormasyon, i-scan ang QR code o bisitahin ang [cemeteries.nsw.gov.au/community](https://cemeteries.nsw.gov.au/community)



## Kailangan mo ba ng tulong, o gusto mong magreklamo?

Kung mayroon kang mga tanong o pag-aalala, maaari mong kontakin ang CCNSW sa paraang gusto mo:



**Telepono:** 02 9842 8470



**Online form:** [cemeteries.nsw.gov.au/complaints-and-enquiries](https://cemeteries.nsw.gov.au/complaints-and-enquiries)



**Email:** [ccnsw.info@cemeteries.nsw.gov.au](mailto:ccnsw.info@cemeteries.nsw.gov.au)

Para sa mga reklamo tungkol sa isang punerarya, makipag-ugnay sa Patas na Pangangalakal sa NSW (NSW Fair Trading):

13 32 20 o sa [nsw.gov.au/departments-and-agencies/fair-trading/complaints-and-enquiries](https://nsw.gov.au/departments-and-agencies/fair-trading/complaints-and-enquiries)